# Mga biktima ng human trafficking, pagsasamantala, o aksidente sa trabaho

## Humihingi ng kabayaran



FEDERAL PUBLIC SERVICE
JUSTICE

.be

# Talaan ng mga nilalaman

**Biktima ng human trafficking: humihingi ng kabayaran** 4

Mga serbisyong handang tumulong 4

Pamamaraan para sa paghingi ng kabayaran 5

Mga susunod na hakbang 6

Mga organisasyong handang tumulong 8

**Biktima ng pagsasamantala: pagbawi ng mga hindi ibinigay na sahod at iba pang panlipunang karapatan** 11

**Biktima ng isang aksidente sa trabaho: paggawa ng pahayag** 14

**Makipag-ugnayan** 15



**Isa ka bang biktima ng human trafficking, pagsasamantala** o **aksidente sa trabaho ?**

Maaari kang gumawa ng mga hakbang para maghabol ng **kabayaran para sa pinsala sa iyo**, mabawi ang **bayad** o **mag-ulat ng** isang aksidente sa trabaho. Hindi mo kailangang gawin ito nang mag-isa. May mga organisasyon na tutulong sa iyo.

Sa brochure na ito, malalaman mo kung aling **mga partikular na** organisasyon ng suporta ang **makakatulong** sa iyo bilang isang biktima.

**Tandaan: palagi kang may pagpipilian tungkol** sa mga hakbang na gagawin mo bilang isang biktima, at lahat ng **landas ay may mga pakinabang at kawalan**. Walang **garantiya** na makukuha mo ang kabayarang hinihingi mo.



# Biktima ng human trafficking: humihingi ng kabayaran

## Mga serbisyong handang tumulong?

Kung isa kang **biktima ng human trafficking**, may mga **dalubhasang sentro** tulad ng **PAYOKE**, **PAG-ASA** o **SÜRYA** na handang tumulong. Nagbibigay ang mga sentrong ito ng **psychosocial, medikal, at legal/ administrative support**, ipinapaalam sa iyo ang iyong **mga karapatan bilang biktima**, at ipinapaliwanag kung paano humingi ng **kabayaran para sa pinsala sa iyo** o kung paano humingi ng **legal na** tulong.
Para mapakinabangan ang suportang ito, kailangan mong **matupad ang** isang bilang ng **mga legal na kondisyon** (hal. maging handa na maghain ng reklamo o gumawa ng pahayag, putulin ang pakikipag-ugnayan sa nagkasala, atbp.).
Bisitahin ang **mga website** ng PAYOKE, PAG-ASA, o SÜRYA para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga kundisyong ito.

**Hindi ka kuwalipikado para sa suporta kung:**

- **hindi ka handang** tugunan ang mga kundisyong itinakda ng batas;
- **bumalik** ka sa iyong **bansang pinagmulan;**
- **hindi ito tungkol sa human trafficking**.

Sa ganitong mga pagkakataon, puwede pa ring ipaalam sa iyo ng mga sentro at i-refer ka sa:

- isang **tanggapan ng legal na tulong (BAJ—Bureaux d'Aid Juridictionnelle)** para makakuha ng isang **pro bono na abogado**;
- ang **Federal Agency for Occupational Risks (FEDRIS)** para mag-ulat ng isang **aksidente sa trabaho**;

- **FAIRWORK Belgium** para sa iyong mga taong tungkol sa mga karapatan mo sa trabaho (kung nagtatrabaho ka sa Belgium habang ilegal na naninirahan o may limitadong karapatan sa paninirahan).

## Pamamaraan para sa paghingi ng kabayaran

Bilang isang **biktima ng human trafficking**, puwede kang humingi ng kabayaran para sa pinsala sa iyo sa pamamagitan ng:

- **kriminal na paglilitis** laban sa nagkasala (pagkatapos isumite ang reklamo sa pulisya o serbisyo ng panlipunang pagsisiyasat at kung humantong ito sa pag-uusig ng nagkasala);
- **mga sibil na paglilitis** (posible lamang pagkatapos ng mga kriminal na paglilitis);
- isang **espesyal na pondo** (ang **Komisyon para sa Pinansyal na Tulong sa mga Biktima ng Malisyosong Karahasan o Commission for Financial Assistance to Victims of Intentional Violence**).



## Mga susunod na hakbang

Binibigyan ka ng pangkalahatang-deya ng diagram na ito sa kung paano maaaring magpatuloy **ang mga kriminal na paglilitis laban sa nagkasala**:

01 **Paggawa ng reklamo o pahayag**

02 **Pagsisimula ng kriminal na imbestigasyon**

03 **Pinal na desisyon ng pang-kriminal na korte: paghatol sa nagkasala at pagbibigay ng lunas para sa mga pinsala**

04 **Mga hakbang para makakuha ng mabisang pagbabayad ng kabayaran**

**1. Paggawa ng reklamo o pahayag**
Para makapagsimula ang (kriminal) na pagsisiyasat, **kailangan mo munang magsumite ng report o reklamo** sa **pulisya** o sa **serbisyo ng panlipunang pagsisiyasat.**

**Tandaan: Puwede mo lang iproseso ang iyong reklamo sa pamamagitan ng paggawa ng pahayag ng nasugatang panig.** Puwede mo i-file ang pahayag ng nasugatang panig na ito habang kinakausap ng pulisya o serbisyo ng panlipunang pagsisiyasat, pero puwede mo rin itong i-file sa ibang pagkakataon o ipadala ito sa secretariat ng tanggapan ng pampublikong tagausig, **o hilingin sa iyong abogado na gawin ito**.





Sa pag-file ng iyong reklamo o pahayag sa pulisya o sa inspectorate nang huwalay sa kasong ito, puwedeng magbigay sa iyo ang **Victim Support Centre** o ang **Algemeen Welzijnswerk (CAW)** ng administratibo at emosyonal na **suporta**.

**2. Humiling ng kabayaran para sa pinsala**
Pagkatapos mag-file ng reklamo o pahayag, magpapasya ang pampublikong tagausig kung may sapat na **katibayan** para dalhin ang iyong kaso sa **korte**.

**Kung ganito ang sitwasyon**, puwede kang humiling sa hukom **ng kabayaran para sa pinsala sa iyo.**

**Tandaan:** gusto mo bang maghabol ng **kabayaran pagkatapos mahatulan ang nagkasala** ? Posible ito sa pamamagitan ng **sibil na paglilitis**.

## Mga organisasyong handang tumulong

Tungkol sa mga kriminal o sibil na paglilitis, puwede kang humingi ng tulong sa:

- **agarang legal na tulong:**
  Nagbibigay ito ng **libreng paunang legal na payo** kung gusto mong humingi ng kabayaran para sa pinsala, nagbibigay ng praktikal na impormasyon, itinuturo ka sa iba pang serbisyo at sinasagot ang mga simpleng legal na tanong.
- **isang abogado:**
  Pinapayuhan kang makipag-ugnayan sa isang abogado, dahil mabibigyan ka nila ng **detalyadong payo at patnubay** kung nais mong maghabol ng kabayaran. Puwedeng kang gumamit ng libre o mga mas murang serbisyo ng isang abogado bilang ikalawang linya ng leal na tulong (tanggapan ng legal na tulong), depende sa kita mo.



- **Ang Commission for Financial Assistance to Victims of Intentional Violence**: Nagbibigay ang organisasyong ito ng **pinansyal na tulong** kapag:
  - biktima ka ng isang **malisyosong karahasan** na ginawa sa **Belgium**,
  - nakaranas ka ng **matinding pisikal at sikolohikal na pinsala bilang resulta ng karahasang ito**,
  - at nabigo ang **iba pang paraan** ng pagkuha ng kabayaran **para sa pinsala**.

**Tandaan:** Puwede ka ring mag-apply sa Commission kung umalis ka sa Belgium at mayroon ka pa ring **postal address in Belgium.**


4226
VALID
THRU

# Biktima ng pagsasamantala: pagbawi ng mga hindi ibinigay na sahod at iba pang panlipunang karapatan

Kung isa kang biktima ng **pagsasamantala**, puwede mong subukang **bawiin ang mga hindi ibinigay na sahod mo at iba pang posibleng panlipunang karapatan** (hal. holiday pay o end-of-year bonus).

Ang pinakamabilis na paraan para mabawi ang mga hindi ibinigay na sahod ay **magkaroon ng kasunduan sa iyong employer**. Puwede kang humingi ng tulong sa bagay na ito:

- ang **trade union** kung saan ka nabibilang;
- isang **abogado;**
- **sa FAIRWORK Belgium.**

## Hindi kayo magkasundo ng iyong employer?

Puwede mong subukang bawiin ang mga hindi ibinigay na sahod mo o iba pang panlipunang karapatan;

- sa pamamagitan ng paggawa ng **isang pahayag** sa **Social Law Enforcement Department (CLS)**;
- o sa pamamagitan ng **paghiling ng mga paglilitis sa labour court**. Sa ganitong sitwasyon, pinapayuhan kang humingi ng tulong ng isang abogado.

Batay sa katibayang ibinigay mo, puwedeng subukan ng CLS service na kumbinsihin ang iyong employer na bayaran ang mga hindi ibinigay na sahod sa iyo.

## Hindi ba makumbinsi ng CLS service ang iyong employer?

Sa ganitong sitwasyon, puwedeng i-refer ng CLS service **ang kaso mo sa labour auditor**. Pagkatapos, puwedeng magpasya ang labour auditor na **usigin** ang iyong employer. Sa ganitong sitwasyon, posibleng bayaran ng iyong employer ang mga hindi ibinigay na sahod mo, kahit pa nakabalik ka na sa bansang pinagmulan mo.

**Pakitandaan**: para gawin iyon, kailangan mong **mag-file ng pahayag ng nasugatang panig.**

**Kung ahindi kaagad ginawa ang pagbabayad** (hal. dahil sa nawawalang impormasyon), babayaran ang halagang ito sa **Caisse des Dépôts et Consignations**. Sa ganitong pagkakataon, makipag-ugnayan sa kanila para sa paghahabol ng halaga (tingnan ang Makipag-ugnayan).

## Tandaan ang mga sumusunod:

- Kapag pinanigan ng hukom ang kahilingan mo para sa kabayaran, puwede mong subukang makuha ang kabayarang ito sa pamamagitan ng anumang **perang nakuha at nakumpiska mula sa** nahatulan na dapat magbayad sa iyo ng pera. Puwedeng hilingin ng abogado mo sa Central Body for Seizure and Confiscation (CBSC) na ibigay ang mga ipinagkaloob na halaga.
- Walang **garantiya na mababayaran** kung walang **sapat na pinansiyal na mapagkukunan** ang nahatulan.
- **Ikaw ang magbabayad para sa sarili mong abogado** kung **hindi ka kuwalipikado** para sa isang pro bono na abogado.
- Kung malugi ang iyong employer, kailangan mong **mag-file kaagad ng paghahabol sa karampatang awtoridad (ang tagapangasiwa ng pagkalugi)**. Puwede mo rin itong isumite online sa pamamagitan ng regsol: www.regsol.be.
- Puwedeng maging **napakatagal** ng mga paglilitis.

**Tandaan**: kung hindi ka na nakatira sa Belgium, makipag-ugnayan sa iyong abogado, sa dalubhasang sentro o iba pang serbisyo na sumusuporta sa iyo habang dinidinig ang iyong kaso sa Belgium.



# Biktima ng isang aksidente sa trabaho: paggawa ng pahayag

Kung biktima ka ng isang aksidente sa trabaho, puwede kang gumawa ng pahayag sa pamamagitan ng **insurance para sa aksidente sa trabaho** ng iyong employer. Kung walang **insurance para sa aksidente sa trabaho** ang iyong employer, makipag - ugnayan sa:

- ang iyong **trade union**;
- **FAIRWORK Belgium**
- o isang **abogado**.

Sa pamamagitan ng isa sa mga organisasyong ito, puwede kang mag-file ng **pahayag** sa **Federal Agency for Occupational Risks (FEDRIS).**

**Tandaan:** Kailangan mong mag-file ng iyong pahayag **sa loob ng tatlong taon mula nang** maaksidente sa trabaho.

Depende sa kalubhaan ng iyong aksidente sa trabaho at responsibilidad ng iyong employer sa nangyaring aksidente, puwedeng magsimula ng **pagsisiyasat** ang tanggapan ng pampublikong tagausig o labour auditorate. Kung kinilala ang aksidente sa trabaho, **kailangang mamagitan ang insurance para sa aksidente sa trabaho o FEDRIS** para sa:

- mga medikal na gastos,
- permanente o pansamantalang kawalan ng kakayahang magtrabaho.



# Makipag-ugnayan

- **Mga espesyal na sentro para sa mga biktima ng human trafficking**
  - **PAYOKE** (Flanders)
    T 03 201 16 90
    E admin@payoke.be
    www.payoke.be

  - **PAG-ASA** (Brussels)
    T 02 511 64 64
    E info@pag-asa.be
    www.pag-asa.be

  - **SÜRYA** (Wallonia)
    T 04 232 40 30
    E info@asblsurya.be
    www.asblsurya.org/fr/contact

- **Federal Agency for Occupational Risks (FEDRIS)**
  www.fedris.be/fr/contact

- **FAIRWORK Belgium**
  T 0800 12019 (Tuwing Lunes at Miyerkules mula 9 am hanggang 1 pm at tuwing Huwebes mula 1 pm hanggang 4 pm)
  E info@fairworkbelgium.be
  www.fairworkbelgium.be/fr



- **Legal Aid Office (BAJ)**
  (pro bono na abogado)

  - **Wallonie**
    - www.avocats.be/fr > commissions d'aide juridique

  - **Brussels**
    - FR www.bajbruxelles.be/index.php/fr
      T 02 511 50 45
      E bjb@baliebrussel.be
    - NL www.baliebrussel.be

  - **Flanders**
    - www.vlaanderen.be > Conflicten en misdrijven > Commissies voor juridische bijstand
    - www.prodeoadvocaat.vlaanderen > Contact > Bureau juridische bijstand

- **Victim Support Service (Serbisyo ng Tulong sa Biktima)** www.victimes.cfwb.be/ou-trouver-aide

- **Centrum Algemeen Welzijnswerk (CAW)**
  www.caw.be

- **Caisse des Dépôts et Consignations**
  T 02 572 57 57
  E info.cdcdck@minfin.fed.be
  www.finances.belgium.be/fr > FAQ > Caisse des Dépôts et Consignations : généralités > 'Quelle est la meilleure manière de contacter la Caisse des Dépôts et Consignations ?'

- **Contrôle des lois sociales (CLS) (Kontrol ng mga Batas ng Lipunan)**
  T 02 235 55 55
  E (FR) info.cls@emploi.belgique.be
  E (NL) info.tsw@werk.belgie.be
  E (DE) info.cls@beschaeftigung.belgien.be
  T (FR/DE) 02 235 55 60

  https://emploi.belgique.be/fr > A propos du SPF > Structure du SPF > Inspection du travail - Direction générale Contrôle des lois sociales > Directions externes

## May mga tanong ka pa ba? Puwede mong makita ang higit pang impormasyon sa mga brochure at web page na ito

- Brochure ng ‘Vous êtes victime’ (Ikaw ay isang biktima)
  https://justice.belgium.be/fr > Publications > Brochures pour le citoyen > Vous êtes victime.

- Website ng ‘Que faire comme victime’ (Anong gagawin bilang isang biktima)
  https://justice.belgium.be/fr > Thèmes et dossiers > Que faire comme > Victime.

- Brochure ng ‘Vos droits en tant que victime d’infractions’ (Ang mga karapatan mo bilang isang biktima ng mga krimen)
  https://www.tribunaux-rechtbanken.be/fr > Info utiles > Brochures > Vos droits en tant que victime d’une infraction.

- Website ng ‘Informations sur le déroulement de la procédure en tant que victime’ (Impormasyon sa pamamaraan bilang isang biktima)
  https://justice.belgium.be/fr > Thèmes et dossiers > Que faire comme > Victime > Procédure > Déroulement de la procédure.

- Website ng ‘Informations pour les victimes d’actes intentionnels de violence’ (Impormasyon para sa mga biktima ng mga intensyonal na gawang karahasan)
  https://justice.belgium.be/fr > Thèmes et dossiers > Que faire comme > Victime > Aide financière > Victimes d’actes intentionnels de violence.



RESPONSIBLE PUBLISHER: JEAN-PAUL JANSSENS BD DE WATERLOO 115 - 1000 BRUSSELS - D/2022/7951/EN/1281

Communication and Information Department
115 Boulevard de Waterloo
1000 Brussels
T 02 542 65 11
www.justice.belgium.be